

Ang Muling Pagtatayo ng Templo ng Diyos

(Ezra 1-6)

Noong unang panahon, ang mga tao ng Diyos, ang mga Israelita, ay naninirahan sa malayong lugar na tinatawag na Babilonia. Hangad nila na makabalik sa kanilang tahanan sa Jerusalem, lalo na ang espesyal na templo ng Diyos na nasira na. Ngunit may espesyal na plano ang Diyos para tulungan silang muling itayo ang templo.



Isang araw, nangusap ang Diyos sa puso ni Cyrus, na hari ng Persia. Nagbigay ng isang mahalagang pahayag si Haring Cyrus, "Sinabi sa akin ng Diyos na payagan ang Kanyang mga tao na bumalik sa Jerusalem at muling itayo ang Kanyang templo!" Sinabi niya sa lahat na malaya nang makakauwi ang mga Israelita at muling itayo ang kanilang espesyal na lugar ng pagsamba sa Diyos. Binigyan pa sila ni Haring Cyrus ng mga kayamanan at mga kagamitan para sa kanilang paglalakbay at sa pagtatayo ng templo.

Kaya't maraming mga Israelita ang naghanda ng kanilang mga gamit at nagsimula sa mahabang paglalakbay pabalik sa Jerusalem. Pinamumunuan sila ng isang lalaking nanggangalang Zerubbabel. Nang makarating sila sa Jerusalem, nakita nila ang luma at sirang templo at alam nilang marami silang gagawin.

Ang una nilang ginawa ay nagtayo sila ng isang altar upang maghandog sa Diyos at magpasalamat sa Kanya dahil muli silang nakabalik sa Jerusalem. Pagkatapos, sinimulan nilang itayo ang pundasyon ng templo. Lahat ay masayang-masaya at nagdiwang sa pamamagitan ng pag-awit at pagpupuri sa Diyos. Marami sa matatandang pari, mga Levita at pinuno ng mga angkan na nakakita sa unang templo ang umiyak nang malakas habang sinasaksihan ang paglalagay ng pundasyon ng bagong templo.

Habang si Zerubbabel at ang mga Israelita ay nagtatrabaho, may ilang mga tao na nakatira malapit doon ay ayaw na muling maitayo ang templo. Sinubukan nilang pigilan ang trabaho sa pamamagitan ng paggawa ng gulo at pagsusulat ng mga liham sa bagong hari na si Haring Artaxerxes. Nagsabi sila ng masasamang bagay tungkol sa mga Israelita. Sa loob ng ilang panahon, natigil ang pagtatayo ng templo, at nalungkot ang mga tao.

Ngunit hindi kinalimutan ng Diyos ang Kanyang mga tao. Nagpadala Siya ng dalawang propeta, sina Haggai at Zechariah, upang palakasin ang loob ng mga tao na magsimulang muli sa pagtatayo. Nakinig sila sa mensahe ng Diyos at muling nagsimulang magtrabaho sa templo. Sa pagkakataong ito, hindi na nila hinayaang may makapigil sa kanila. Patuloy silang nagtrabaho nang husto, nagtitiwala na tutulungan sila ng Diyos.

Muling sinubukan ng mga kapitbahay na pigilan sila sa pamamagitan ng pagreklamo sa isa pang hari, si Haring Darius. Ngunit nang mabasa at malaman ni Haring Darius ang orihinal na utos ni Haring Cyrus, sinabihan niya ang mga kapitbahay na tigilan na ang panggugulo sa mga Israelita at inutusan pa silang tumulong sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga kagamitan at pera.

Sa tulong ng Diyos at sa kanilang pagpapagal, natapos din ng mga Israelita ang pagtatayo ng templo. Lubos ang kanilang saya at pasasalamat. Nagdiwang sila ng isang malaking pista na tinatawag na Paskua, na nagpapasalamat sa Diyos para sa Kanyang pagmamahal at sa pagtulong na muling itayo ang kanilang espesyal na lugar ng pagsamba.

Tapat ang Diyos sa Kanyang mga pangako at tinutupad ito sa Kanyang panahon. Ang mga Israelita ay natapon sa ibang bayan, ngunit ipinangako ng Diyos na ibabalik sila sa Jerusalem na kanilang bayan. Sa tamang panahon, ginamit Niya si Haring Cyrus para tuparin ang Kanyang pangako. Sa pamamagitan ng hari, nagkaroon sila ng panustos at mga kagamitan na kailangan nila. At sa pamamagitan ng mga propeta ay pinatibay ang kanilang loob na ipagpatuloy ang pagtatayo ng templo. Sa kabila ng maraming hamon na hinarap ng mga Israelita, kasama nila ang Diyos sa bawat hakbang na kanilang pinagdaanan.

